


Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino Unang Markahan – Modyul 5: Mga Konseptong Pangwika



Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 5: Mga Konseptong Pangwika
Unang Edisyon, 2021

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Christine C. Bobadilla
Editor:	Fritz M. Bahilango
Tagasuri:	Ernesto C. Caberte, Jr., Leilanie E. Vizarra, Yolanda B. Mojica, Mark P. Profeta, Leonila L. Custodio
Tagaguhit:	Ronie C. Suinan
Tagalapat:	Jera Mae B. Cruzado, Precious Mae B. Yaya
Tagapamahala:	Francis Cesar B. Bringas Job S. Zape, Jr. Ramonito O. Elumbaring Reicon C. Condes Elaine T. Balaogan Fe M. Ong-ongowan Rommel C. Bautista Galileo L. Go, Randy D. Punzalan Elpidia B. Bergado Noel S. Ortega Maribeth C. Rieta Leonila L. Custodio Julie Anne V. Vertudes

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon at
Pananaliksik sa Wika at
Kulturang Pilipino
Unang Markahan – Modyul 5:
Mga Konseptong Pangwika**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa at isinulat para sa iyo bilang isang mag-aaral. Ito ay makatutulong upang matutuhan ang tungkol sa *Konseptong Pangwika*. Ang sakop ng modyul ay magamit sa ano mang kalagayan ng mag-aaral. Ang mga salitang ginamit dito ay angkop sa lebel ng pang-unawa ng mag-aaral na naaayon sa pamantayan nito.

Kasanayang Pampagkatuto:

Nagagamit ang kaalaman sa modernong teknolohiya (facebook, google, at iba pa) sa pag-unawa sa mga konseptong pangwika. **F11EP-Ie-31**

Layunin:

- Natutukoy ang mga modernong teknolohiya bilang instrumento sa pag-unawa sa konseptong pangwika
- Nagagamit ang wika sa modelong teknolohiya tulad ng aplikasyon sa social media, ang facebook, Twitter, at Instagram
- Nakasusulat ng sariling post (hal. Hugot Lines o Pick-Up Lines) sa Facebook at iba pang aplikasyon sa modernong teknolohiya



Subukin

Panuto: Tukuyin ang iba't ibang paggamit ng wika sa nababasang pahayag sa *social media post*. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

1. Sa paanong paraan makabubuti ang madalas na pagpo-*post* ng produkto sa *social media*?
 - a. Ito ay nakatutulong upang tangkilikin ang isang produkto.
 - b. Ito ay nakatutulong upang magkaroon ng kamalayan ang mambabasa tungkol sa magandang naidudulot sa tao ng produkto.
 - c. Ito ay nakaiimpluwensiya sa mambabasa.
 - d. Ito ay nakatutulong sa kumpanya ng produkto.
2. Ang sumusunod ay makatutulong sa paglaganap ng wikang Filipino sa pagpopost sa social media **MALIBAN** sa _____.
 - a. Sa pamamagitan nito ay mas lalo pang mapatatag ang wikang Filipino.
 - b. Mas mapapalawig pa ang sariling wika.
 - c. Mas maisusulong pa ang intelektuwalisasyon ng ating wika.
 - d. Mas pinatutunayan nito na walang pag-unlad ang ating wika.
3. Ano ang iyong maipapayo sa kabataang tulad mo na mahilig mag-*post* sa *social media*?
 - a. Patuloy nilang gamitin nang wasto ang wikang Filipino
 - b. Huwag nilang gamitin ang wikang Filipino
 - c. Gumamit sila ng ibang wika sa pagpo-*post*
 - d. Huwag na silang mag-*post*
4. Ano ang ibig sabihin ng salitang *edited* na madalas makita sa *post* sa *social media*?
 - a. *Block*
 - b. Binura ang *post*
 - c. Itinago ang *post*
 - d. May binago o inayos
5. Ano ang aplikasyon sa *social media* na maraming gumagamit nito?
 - a. *Facebook*
 - b. *Instagram*
 - c. *Twitter*
 - d. *Tinder*

6. Saan madalas makikita ang iba't ibang kuwento o istorya ng buhay?
 - a. *Instagram*
 - b. *Facebook*
 - c. *Messenger*
 - d. *Twitter*

7. Ano ang pangunahing tuon ng *social media* lalo't higit sa mga taong gumagamit nito?
 - a. Malaman ang mga nagyayari sa lipunang ginagalawan
 - b. Makiuso dahil laganap ang mga wika sa iba't ibang aspekto
 - c. Malinang ang kaalaman sa mga sitwasyon ng mundo
 - d. Makita ang kahalagahan ng paggamit ng wikang Filipino

8. Paano umiinog ang wika batay sa *social media* na pananaw?
 - a. Sa paraan ng wastong paggamit nito
 - b. Sa paraan ng pagmamalaki
 - c. Sa paraan ng pagpapahalaga nito
 - d. Sa paraan ng paglinang nito

9. Gaano kahalaga ang *social media* sa pagkilala sa mensahe o kahulugan?
 - a. Sa hindi wastong paraan ng paggamit nito
 - b. Sa pagkilatis ng iba't ibang sangay nito
 - c. Sa pagtuklas ng mga bagay
 - d. Sa kawalan ng ibang interes sa wika

10. Paano nakaaapekto ang *social media* sa paggamit ng wikang Filipino?
 - a. Sa paggamit ng mga hiram na wika
 - b. Sa pagtalikod sa wikang Filipino
 - c. Sa paglinang ng mga nakasanayang wika
 - d. Sa pagpapahalaga sa wikang Filipino

Bilang pagpapatunay sa ganap na pagkakaunawa sa aralin tungkol sa mga konseptong pangwika gamit ang iba't ibang *social media*, ipaliwanag ang mga sangay nito sa mga sitwasyong nagaganap sa iyong buhay.

SANGAY NG SOCIAL MEDIA	PAGPAPALIWANAG SA MGA SITWASYON NA NAGAGANAP SA IYONG BUHAY
11. Facebook	
12. Youtube	
13. Instagram	
14. Twitter	
15. Blog	

Aralin

1

Mga Konseptong Pangwika

Ipinapaalala na magkaibang konsepto sa lingguwista ang wika at diyalekto. Mali ang pananaw na ang wikang pambansang Filipino ay isang wika habang diyalekto ang lahat ng wikang buhay at umiiral sa buong kapuluan. Bahagi ng konseptong pangwika ang unang wika at ang pangalawang wika.



Balikan

Panuto: Basahin ang mga tanong. Sagutin ito sa iyong sagutang papel:

1. Ano ang malinaw na pagkakaiba ng wika at diyalekto?
2. Bakit mahalagang ituring na magkakapantay ang mga wika sa Pilipinas? Sa buong daigdig?
3. Ano-ano ang katangian ng diyalekto?
4. Paano tinitingnan ang wika sa larangan ng lingguwistika?
5. Kailan masasabing may nabubuong panibagong wika mula sa dating iisang wika?



Mga Tala para sa Guro

Tandaan: Tiyaking nauunawaan at masunod ng mga mag-aaral ang mga panuto sa pagsasagot. Makatutulong kung basahin munang mabuti ng mga mag-aaral ang lahat ng bahagi at panuto bago ito simulan. Ipinaaalala rin ng guro ang pagpapahalaga sa katapatan sa pagsasagot at pagwawasto nito.



Tuklasin

Konseptong Pangwika

Ang **unang wika** ay ang wikang katutubo na kinagisnan at natamo mula sa pagkasilang hanggang sa oras na magamit at maunawaan ng isang indibiduwal. Sinasabi ring wikang taal ang unang wika sapagkat ito’y umusbong sa isipan ng bawat indibiduwal mula sa loob ng isang tahanan at komunidad. Ito rin ay sinasabing likas, ang wikang nakagisnan, natutunan at ginagamit ng pamilyang nabibilang sa isang lingguwistikong komunidad. Ang grupo ng mga mamamayan na naninirahan sa iisang lugar na gumagamit ng iisang wika, na hindi lamang sinasalita bagkus mayroong pagkakaunawaan, ugnayan at interaksyon sa bawat isa.

Ang **unang wika** ay tinatawag ring *mother tongue*, katutubong wika o sinusong wika. Ang wika kung saan nakikilala ang isang indibiduwal kaya nagkaroon ng kakayahang maangkin ito sa tulong ng kinalakhang komunidad. Sa kasalukuyan ang *mother tongue* ay hindi lamang unang wika bagkus ay isa sa mga asignatura mula una hanggang ikatlong baitang na daluyan nang higit na pagkatuto at pagkaunawa sa ikalawang wika.

Ayon sa artikulo ni Lee na nailathala noong 2013, sa kanyang “The Native Speaker” narito ang mga gabay upang matukoy kung ang isang tao ay katutubong tagapagsalita ng isang wika.

1. Natutunang indibiduwal ang wika sa murang edad.
2. Ang indibiduwal ay may likas at instruktibong kaalaman at kamalayan sa wika.
3. May kakayahan ang indibiduwal na makabuo ng mataas at importansiyang diskurso gamit ang wika.
4. Mataas ang kakayahan sa komunikasyon ng indibiduwal gamit ang wika.
5. Kinilala ang sarili bilang bahagi at nakikilala bilang kabahagi ng isang lingguwistikong komunidad.

Ayon sa saliksik nina Aguilar, Jennifor L. et al. 2016 mula sa katha ni Krashen (1982), ang **pangalawang wika** ay naiiba sa unang wika, sapagkat ito ay hindi taal o likas na natutunan ng isang indibiduwal sa kaniyang tahanan at kinabibilangang lingguwistikong komunidad. Ito ay wikang natutunan sa paaralan o sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao na may kakayahang gamitin ito. Natutunan ito ng isang indibiduwal, matapos siyang mahasa ang kakayahan sa paggamit ng unang wika. Kung gayon, ang pangalawang wika ay mga karagdagan sa mga wikang natutunan at pinag-aaralan sa mga paaralan. Kung mayroon mang pangunahing distinksiyon o kakanyahan ang pangalawang wika ito ay walang iba kundi ang pagtataglay ng katangiang maaaring matutunan (*learnability*) o natutunan (*learned*) sa mulat o malay na paraan ng pagsasalina ng prosesong komunikatibo.

Isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng kultura at kasaysayan ng isang lugar ang wika. Ito ang nagsisilbing tatak at simbolismo ng pagkatao ng bawat indibiduwal na nakatira dito. Sa pamamagitan ng wika ay naipahahayag ng bawat tao ang kaniyang saloobin at opinyon. Nakalilikha tayo ng mga awit, tula, mga kuwento at pati ng mga kanta gamit ang ating wika. Ang wika ay sandata ng kahit sino mang tao sa ating lipunan.

Sa paglipas ng iba't ibang salik lahi at sa pagsibol naman ng mga makabagong henerasyon, tayo ay nagkaroon ng maraming barayti at baryasyon ng wikang Filipino. **Linggwistikong komunidad** ang tawag sa mga wikang ito. Ang linggwistikong komunidad ay isang termino sa sosyolinggwistik na tumutukoy sa isang grupong ng mga taong gumagamit sa iisang uri ng barayti ng wika at nagkakaunawaan sa mga ispesipiko o tukoy na patakaran o mga alituntunin sa paggamit ng wika. Nagkakasundo ang mga bahagi ng komunidad na ito sa kahulugan ng wika at sa interpretasyon nito, maging ang kontekstong kultural na kaakibat nito. Sa Pilipinas, matatagpuan ang maraming linggwistikong komunidad. Halimbaw nito ay ang Tagalog ng mga taga-Batangas. Kasama rin sa pag-aaral ng linggwistikong komunidad ay ang pagpapalawak at pagpapaunlad ng wikang ginagamit dahil sa mass media, paaralan, at ang makabagong teknolohiya.

Sa isang komunidad ay may sari-saring uri ng indibiduwal na nakatira. Bawat tao o grupo ng tao ay may kaniya-kaniyang diyalekto na ginagamit. May mga gumagamit ng mga katutubong salita, depende sa lugar na kanilang pinanggalingan.

Halimbawa nito ay ang gamit ng salitang Waray ng mga taga Bisaya, Ibaloy ng mga taga Mountain Province, Ilocano ng mga taga Ilocos, at Zambal ng mga taga Zambales. May mga ibang grupo naman na ang gamit ay ang makabago at naimbento lamang na mga salita. Mayroon ding gumagamit ng pinaghalong Ingles at Tagalog o mas kilala sa tawag na Konyo. May ilan ding kabataan na gumagamit ng Jjemon at Bekimon naman ang lengguwahe ng mga bakla.

Sa larangan din ng mga propesyunal, sila ay mayroon din sariling linggwistikong komunidad. Ang mga doktor, abogado, inhinyeryo at iba pa ay gumagamit ng partikular na salita ayon sa grupo ng propesyon na kanilang kinabibilangan. Bawat indibiduwal ay may natatanging uri ng wika na kung saan ay sila-sila rin lang ang nagkakaintindihan. Naiiba rin ang uri ng linggwistikong komunidad ang gamit ng mga tao na nasa mataas na antas ng ating sosyodad.



Suriin

Panuto: Gumawa ng sariling post sa *social media* ayon sa mga hinihinging katanungan at mga sitwasyon.

1. Bakit mahalaga ang paggamit ng unang wika?

INSTAGRAM

2. Bakit mahalagang matutunan ang ikalawang wika?

FACEBOOK

3. Lumikha ng tula na naghahambing sa una at ikalawang bilang ng konseptong pangwika.


TWITTER POST

4. Lumikha ng awit na naghahambing sa una at ikalawang wika sa konseptong pangwika.

YOUTUBE

5. Lumikha ng sayaw na naghahambing sa una at ikalawang wika sa konseptong pangwika.

TIKTOK




Pagyamanin


Pag-unawa sa Konseptong Pangwika

Panuto: Gawin ang sumusunod ayon sa pahayag ng *social media*. Pumili lamang ng tatlo.


1. Mag-*tweet* upang ibigay ang inyong perspektibo, opinyon, at saloobin ukol sa ginawang pagpapasara ng pamahalaan sa mga establisyimento na nakasisira sa Manila Bay.



2. Mag-*post* sa inyong *wall* ng istatus ukol sa nalalapit na pambansang halalan.



3. Mag-*post* ng larawan sa Instagram ng kalagayan ng Manila Bay noon at ngayon. Lagyan ng kapsiyon ang larawan.



4. Magsagawa ng isang BLOG ukol sa paksang “Kultura at Mga Tradisyon sa Pilipinas”.



5. Lumikha ng isang larawan ng iyong pinapangarap gamit ang simbolismo ng iyong buhay.



Panuto: Gamit ang unang wika sa konseptong pangwika, sumulat ng sariling *post* sa Facebook at Instagram ukol sa mga sumusunod na paksa: Pumili lamang ng tatlo.

6. Lumikha ng sariling “Hugot Lines” ukol sa paksang “Kabataan sa Makabagong Panahon”.
7. Lumikha ng sariling “Spoken Poetry” ukol sa paksang “Pag-ibig”.
8. Sumulat ng sariling “Pick Up Lines” kaugnay sa paksang “Edukasyon”.
9. Sumulat ng “Hugot Lines” kaugnay sa paksang “Pamilya”.
10. Sumulat ng sariling “Spoken Poetry” ukol sa paksang “Kabataan para sa Bayan”.




Isaisip

Pumili ng tatlo sa sumusunod na kaban ng kaalaman at ipaliwanag ang isinasaad nitong kabuluhan. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ang wika ay binubuo ng tunog at sagisag na ginagamit ng mga tao sa pakikipagkomunikasyon upang magkaunawaan.
2. Wikang pambansa naman ang wikang pinagtibay ng pambansang pamahalaan at ginagamit sa pamamahala at pakikipag-ugnayan sa mamamayan.
3. Wikang panturo ang ginagamit upang magtamo ng mataas na antas ng edukasyon.
4. Tinatawag naman na wikang opisyal ang prinsipal na wikang ginagamit sa edukasyon, sa pamahalaan at sa politika, sa komersiyo at industriya.
5. Ang lingguwistikong komunidad ay may kaugnayan sa pagpapaunlad ng wika. Isinasaalang-alang din ang tungkol sa idyolek, sosyolek, at dayalek ng pangkat ng tao sa isang komunidad.
6. Ang unang wika ay natututunan ng isang tao mula noong kaniyang kapanganakan. Batayan para sa pagkakakilanlang sosyolingguwistika ang unang wika ng isang tao. Tinatawag din itong katutubong wika.
7. Ang pangalawang wika ay iba pang pinag-aaralan o natutunan maliban pa sa unang wika.

8. Wika ang daluyan ng kaisipan, ideya, mensahe, at higit sa lahat ng damdamin o emosyon.
9. Ang wika rin ang nagsisilbing salamin upang malaman ang pagkakakilanlan ng isang tao o lahi.
10. Isang wika ang namamagitan sa kanila, anumang edad o lugar ang pinagmulan at wikang pambansa.



Isagawa

Panuto: Lagyan ng tsek ang loob ng talahanayan kung ang pahayag ay tumutugon sa mga konseptong pangwika na gamit sa lipunan.

Pamantayan sa pagmamarka:

- 4- Lubos na sumasang-ayon
- 3- Sumasang-ayon
- 2- Hindi gaanong sumasang-ayon
- 1- Hindi sumasang-ayon

Pahayag	4	3	2	1
1. Ang paggamit ng Internet ay isang mahalagang pangangailangan sa isang indibiduwal.				
2. Nagagamit ang mga katutubong wika sa mga post sa Facebook.				
3. Epektibo ang paggamit ng ikalawang wika sa pakikipagtalastasan sa kapwa.				
4. Pawang mga katotohanan at magbibigay ng inspirasyon ang post sa <i>social media</i> .				
5. Angkop at wasto ang wikang gagamitin samantalang iiwasan ang mga Jejemon na salita sa ating modernong teknolohiya.				



Tayahin

Panuto: Punan ang patlang upang mabuo ang diwa sa bawat pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ang unang wika ay wikang katutubong natamo sa _____.
 - a. Pag-aaral sa paaralan
 - b. Pakikisalamuha sa kapuwa
 - c. Pakikipag-ugnayan sa *social media*
 - d. Pagkasilang hanggang sa maunawaan ito
2. Ang pangalawang wika ay natatamo sa sumusunod na dahilan maliban sa _____.
 - a. Natutunan sa paaralan
 - b. Kakayahang gamit nito
 - c. Natutuhan sa magulang
 - d. Natutuhan sa pakikipag-ugnayan sa kapwa
3. Ang *mother tongue* o sinusong wika ay isang asignatura sa _____.
 - a. Baitang 1-3
 - b. Baitang 1-4
 - c. Baitang 1-2
 - d. Baitang 4-5
4. Masasabing mahalaga ang pagkatuto sa unang wika _____.
 - a. Upang maging daluyan ng higit na pagkatuto at pagkaunawa sa ikalawang wika
 - b. Upang may maipagmalaki sa kaniyang kapuwa
 - c. Upang mabuo ang kanyang kumpiyansa sa sarili
 - d. Upang maging instrumento sa mahusay na pakikipag-ugnayan
5. Lumaganap ang paggamit ng unang wika sa *social media* dahil _____.
 - a. Maraming Pilipino ang mahilig mag-*post*
 - b. Maraming Pilipino ang gumagamit ng sariling wika sa *social media*
 - c. Maraming Pilipino ang hindi gumagamit ng ikalawang wika
 - d. Naipapahayag ang damdamin dito.
6. Ang wikang Filipino ay katutubong wika na pinayaman ng mga sangkap lingguwistiko mula sa mga _____.
 - a. Wikang katutubo
 - b. Banyagang wika
 - c. Unang wika
 - d. Pangalawang wika

7. Ang wika ay kasangkapan ng _____.
 a. mekanikal
 b. pakikipagtalastasan
 c. ugali ng tao
 d. isip at damdamin


8. Sa ating pakikipag-ugnayan sa iba't ibang dako ng daigdig, napatunayan na nating hindi sapat ang kahusayan sa _____.
 a. Wikang katutubo
 b. Wikang dayuhan
 c. Wikang nakasanayan
 d. Wikang nilimitahan

9. Tunay na masaklaw at malalim ang tungkulin ng wikang Filipino sa _____.
 a. pakikipagtalastasan
 b. pakikipagbuklod
 c. pagbuo ng bansa
 d. pagkalas sa alipin

10. Ang agham at teknolohiya ng isang bayan ay bahagi ng _____.
 a. tungkulin ng wika
 b. gamit ng wika
 c. kultura ng bayan
 d. kultura ng dayuhan




Ipaliwanag ang kahulugan ng mga konseptong pangwika: wika, wikang pambansa, unang wika, pangalawang wika, at *social media* sa tulong ng mga sitwasyong naranasan o maaaring maranasan. Isulat sa sagutang papel.


SALITA	PAGPAPALIWANAG SA KAHULUGAN SA TULONG NG MGA SITWASYON
11. Wika	
12. Pambansang wika	
13. Unang wika	
14. Pangalawang wika	
15. <i>Social media</i>	



Karagdagang Gawain

Panuto: Ilahad nang komprehensibo ang kahulugan ng mga konseptong pangwika na: lingguwistikong komunidad, unang wika, at pangalawang wika. Buuin sa pangungusap ang magkakaugnay na mga salitang ibinigay na kahulugan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.





Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>1. D 2. C 3. A 4. A 5. B 6. A 7. B 8. B 9. C 10. C 11-15 SARILING PAGPAPALIWANAG NG MGA MAG-AARAL</p>	<p>Pagymanin</p> <p>SARILING PAGPAPAHAYAG NG MGA MAG-AARAL</p>	<p>Subukin</p> <p>1. B 2. D 3. A 4. B 5. A 6. B 7. C 8. A 9. B 10. A 11 - 15 SARILING PAGPAPALIWANAG NG MGA MAG-AARAL</p>
--	---	--

Sanggunian

Aguilar, Canega, et.al. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Jenher Publishing House.Inc.

Jocson, Magdalena O. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*.Vibal Group Inc.

Villanueva, Voltaire M. 2018. *#ABKD (Ako Bibo Kase Dapat) : Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro sa Agham Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao at Filipino*. VMV11483 Book Publishing House.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph